

 <b>PhilHealth</b> <i>Your Partner in Health</i>	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2025 – 0010</b>
	<b>Title</b>	<b>Quality Standards on Diagnosis and Management of Uncomplicated Cataract Among Adults as Reference of the Corporation</b>

<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<b>1. Ano ang katarata?</b>	Ang katarata ay paglabo ng lente sa loob ng mata ng tao na nagdudulot ng panlalabo ng paningin. Ito ang pinakakaraniwang sanhi ng pagkabalug at karaniwang nagagamot sa pamamagitan ng operasyon.
<b>2. Anu-ano ang mga indikasyon na maaari nang isagawa ang operasyon sa katarata?</b>	Ayon sa mga dalubhasa, ang mga indikasyon upang maisagawa ang operasyon sa katarata ay ang mga sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Panlalabo ng paningin na hindi maayos ng medikal na pamamaraan.</li> <li>2. Pagkakaroon ng katarata at iba pang kaagapay na sakit sa mata o paningin.</li> </ol>
<b>3. Saan dapat isinasagawa ang operasyon para sa katarata?</b>	Ang operasyon sa katarata ay isinasagawa sa alinmang DOH licensed at PhilHealth accredited facilities: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ospital</li> <li>2. Ambulatory Surgical Clinic (ASC)</li> </ol>
<b>4. Anu-ano ang mga mahalagang bagay na dapat malaman ng isang pasyente patungkol sa operasyon sa katarata?</b>	Mga dapat malaman ng pasyente na sasailalim sa operasyon sa katarata: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang doktor na nag-opera ng katarata ay may responsibilidad para sa pangangalaga ng pasyente at nagpapatuloy sa mga check-up matapos ang operasyon.</li> <li>2. Ang bilang ng follow-up check-up ay naayon sa pag-uusap ng doktor at pasyente. Ang follow-up checkup ay maaring mangyari sa loob ng dalawang (2) linggo matapos ang operasyon.</li> <li>3. Kung multifocal or multifocal toric IOL ang ilalagay sa mata ng pasyente, ito ay dapat naayon sa pangangailangan ng pasyente.</li> </ol>
<b>5. Ano ang mga uri ng anesthesia ang naangkop sa</b>	Ang mga ibat-ibang uri ng anesthesia ay naangkop sa kondisyon ng pasyente tulad ng mga komorbididad: <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Local anesthesia</li> </ol>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2025 – 0010</b>
	<b>Title</b>	<b>Quality Standards on Diagnosis and Management of Uncomplicated Cataract Among Adults as Reference of the Corporation</b>

<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<b>pagsasagawa ng operasyon ng katarata?</b>	<ol style="list-style-type: none"> <li>2. IV sedation</li> <li>3. General anesthesia</li> </ol>
<b>6. Ilang beses maaring isagawa ang operasyon ng katarata sa bawat mata?</b>	<p>Matapos maalis ang katarata at napalitan ang lente ng artipisyal na intraocular lens (IOL), ang pasyente ay hindi na magkakaroon ng katarata.</p> <p>Ang panibagong panlalabo ng paningin ay maaring meron kadahilanan. Sa gayun, kailangan sumanguni sa pinakamalapit or kakilalang doktor.</p>
<b>7. Anu-ano ang mga ibat-ibang klase ng artificial intraocular lens (IOL)?</b>	<p>Sa kasalukuyan, sakop ng PhilHealth ang iba't ibang uri ng intraocular lenses (IOLs) sa ilalim ng benepisyo ng operasyon sa katarata, tulad ng mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Monofocal IOL</li> <li>2. Monofocal toric IOL</li> <li>3. Multifocal IOL</li> <li>4. Multifocal toric IOL</li> </ol> <p>Ang Extended Depth of Focus (EDOF) IOL ay maaari rin magbigay ng “clear focus at distance” at tuloy-tuloy na linaw sa paningin mula sa “distance to intermediate distance.”</p> <p>Ayon sa PhilHealth Circular, batay sa mga konsultasyon ng mga eksperto, ang Extended Depth of Focus (EDOF) na intraocular lenses ay itinuturing na isang uri ng multifocal IOL.</p> <p>Para sa karagdagang imporpasyon sa iba’t-ibang uri ng IOL na covered ng PhilHealth, basahin ang PC No. 2025-0010.</p>
<b>8. Ano ang mga kinakailangang na dokumento sa pagsasagawa ng operasyon ng katarata?</b>	<p>Para sa mga legal na layunin at upang matiyak ang angkop na pangangalaga sa pasyente, ang mga medical record ng mga pasyente na sumailalim sa operasyon sa katarata ay dapat na malinaw at tiyak.</p> <p>Ang record na ito ay dapat maglaman ng mga sumusunod na detalye:</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth</b> <b>Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2025 – 0010</b>
	<b>Title</b>	<b>Quality Standards on Diagnosis and Management of Uncomplicated Cataract Among Adults as Reference of the Corporation</b>

<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Pre-operative assessment</li> <li>2. Biometry result</li> <li>3. IOL power calculation</li> <li>4. Operative procedure</li> <li>5. Post-operative medicines</li> <li>6. Findings in post-operative visits</li> </ol>